

# Ang mga katotohanan tungkol sa COVID-19 vaccines

Ang pagbabakuna ay isa sa mga pinakamabisang paraan upang protektahan ang iyong kalusugan. Ginagamit ng mga bakuna ang mga natural na depensa ng katawan upang magdibelop ng proteksyon laban sa isang sakit. Ang COVID-19 vaccines ay nagpapadala ng instructions sa immune system ng iyong katawan upang kilalanin at labanan nito ang virus na nagdudulot ng COVID-19.



Ang mga libreng vaccine ay available sa lahat ng mga taong nakatira sa Canada. Ang provinces at territories ay nagdibelop ng detalyadong rollout plans para sa pagbabakuna ng kanilang residents.

## Bakit dapat magbabakuna laban sa COVID-19?

### Gumagana ang mga Vaccine



Ipinapakita ng scientific at medikal na ebidensiya na ang pagbabakuna ay makakatulong na magprotekta sa iyo laban sa COVID-19. Ipinapakita rin ng mga pag-aaral na kung ang mga taong nabakunahan ay nagkasakit ng COVID-19, ang sakit na ito ay hindi magiging gaanong malubha.

### Ang mga Vaccine ay Ligtas



Ang mga vaccine lamang na napatunayang ligtas, mabisa, at high-quality ang siyang awtorisadong gamitin sa Canada. Ang COVID-19 vaccines ay masinsinang nagdaan sa mga test nang sila'y dinedebelop, at pagkatapos ay maingat itong siniyasat ng Health Canada.

Ang mga vaccine ay hindi maaring magbigay sa iyo ng COVID-19 dahil hindi sila naglalaman ng virus na nagdudulot nito. Hindi rin maaring baguhin ng mga bakuna ang iyong DNA.



Ang **mRNA vaccines** ay nagbibigay ng instructions sa iyong mga selula kung paano gumawa ng protina ng coronavirus. Ang protinang ito ay magdudulot ng immune response na makakatulong na magprotekta sa iyo laban sa COVID-19.

Ang **viral vector vaccines** ay gumagamit ng virus na ginawang harmless o hindi makapipinsala, upang gumawa ng mga protina ng coronavirus sa iyong katawan nang hindi nagdudulot ng sakit. Katulad din ng mRNA vaccines, ang protinang ito ay magdudulot ng immune response na makakatulong na magprotekta sa iyo laban sa COVID-19.

## Patuloy na sundin ang mga patakaran ng public health/pampublikong kalusugan



Ang COVID-19 vaccines ay mahalagang tools na makakatulong sa atin na pigilan ang pandemic na ito. Sa ngayon, kailangan pa rin natin sundin ang mga patakaran ng public health upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at upang magligtas ng mga buhay.

Patuloy na aasesuhin ng federal, provincial, at territorial na mga pamahalaan ang risk ng pagkalat ng COVID-19 sa mga komunidad. Ang mga patakaran ay babaguhin sa pana-panahon kapag mas marami na ang nababakunahan, at kapag mas marami na tayong natutunan tungkol sa science. Inaasahan ng lahat ng tao na magkakaroon din ng panahon sa kinabukasan kung saan lahat tayo ay maaring magkasama-sama muli. Hanggang sa panahong iyon, kailangan natin protektahan ang isa't-isa, lalo na ang mga taong mahihina na lubos na maaring maapektohan ng COVID-19.

**Alamin ang mga katotohanan. Bisitahin ang [Canada.ca/covid-vaccine](https://Canada.ca/covid-vaccine) para sa karagdagang impormasyon.**